# ANG PAGHAHANAP PARA SA PANLOOB NA KAPAYAPAAN (BAHAGI 3 NG 4): PAGTITIIS AT MGA LAYUNIN SA BUHAY

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Sa magulong mundong ito, ang pagtitiis at ang hindi pagturing sa mundong ito bilang pinakalayunin ay isang mabisa at mahalagang panglutas sa mga hadlang na kontrolado natin.

**Kategorya:**
Mga Artikulo Ang mga Pakinabang ng Islam Tunay na Kaligayahan at Panloob na Kapayapaan

**Ni:** Dr. Bilal Philips (transcribed from an audio lecture by Aboo Uthmaan)

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 04 Oct 2009



Bilang pagbabalik sa kwento nina Moises at Khidr, matapos silang tumawid sa ilog ay nahanap nila ang isang bata, at sadyang pinatay ni Khidr ang batang iyon. Tinanong ni Moises kay Khidr kung paano niya nagawa ang ganoong bagay? Walang kasalanan ang bata at pinatay siya ni Khidr! Sinabi ni Khidr kay Moises na ang bata ay may matuwid na mga magulang at kung ang bata ay lumaki na (alam ng Diyos na) siya ay magiging sobrang pasaway na ang kanyang mga magulang ay itutulak niya sa kawalan ng paniniwala, kaya't iniutos ng Diyos ang pagpatay sa bata.

Siyempre nalungkot ang mga magulang nang nakita nila na patay na ang kanilang anak. Gayunpaman, pinalitan ng Diyos ang kanilang anak ng isa na matuwid at mas mainam para sa kanila. Ang bata na ito ay magalang at mabait sa kanila, ngunit ang mga magulang ay laging may kulang sa kanilang puso dahil sa pagkawala ng kanilang unang anak, hanggang sa Araw ng Paghuhukom kung saan haharap sila sa Diyos, at ibubunyag Niya sa kanila ang dahilan kung bakit kinuha Niya ang kaluluwa ng kanilang unang anak at pagkatapos ay mauunawaan nila at pupurihin ang Diyos.

Kaya naman ito ang likas na katangian ng ating buhay. Mayroong mga bagay, na ang bagay na tila negatibo, mga bagay na nangyayari sa ating buhay na tila mga hadlang sa panloob na kapayapaan sapagkat hindi natin ito nauunawaan o kung bakit nangyari ito sa atin, ngunit dapat nating isantabi.

Sila ay mula sa Diyos at dapat nating paniwalaan na sa huli ay may kabutihan sa likod nito, nakikita man natin ito o hindi. Pagkatapos ay dadako tayo sa mga bagay na maaari nating baguhin. Una kilalanin ang mga ito, pagkatapos ay pumunta tayo sa ikalawang pangunahing hakbang at iyon ay pagtatanggal sa mga hadlang sa pamamagitan ng pagbuo ng mga solusyon para sa kanila. Upang matanggal ang mga hadlang kailangan

nating ituon ang pansin sa pagbabago sa ating sarili at ito ay dahil sinabi ng Diyos:

***“Hindi babaguhin ni Allah ang kalagayan ng isang pamayanan hanggang hindi nila binabago ang kanilang sarili (sa pamamagitan ng kanilang paggawa ng mga kasalanan, pagsuway kay Allah at kawalan ng damdamin ng pasasalamat) tungo sa kabutihan…” (Quran 13:11)***

Ito ay isang lugar na kontrolado natin. Maaari rin tayong magkaroon ng pagtitiis, kahit na ang karaniwang ideya ay ang ilang mga tao ay ipinanganak na matiisin.

***May isang tao na lumapit sa Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala) at tinanong kung ano ang kailangan niyang gawin upang makapunta sa Paraiso, kaya sinabi sa kanya ng Propeta: "Huwag magalit.” (Saheeh Al-Bukhari)***

Ang tao ay isang indibidwal na mabilis magalit, kaya sinabi ng Propeta sa tao na kailangan niyang baguhin ang kanyang likas na pagiging magagalitin. Kaya ang pagbabago ng sarili at ng isang katangian ay isang bagay na kayang abutin.

***Sinabi rin ng Propeta: "Ang sinumang nagpapanggap na maging matiisin (na may pagnanais na maging matiisin) bibigyan siya ng Diyos ng pasensya.”***

Naitala ito sa *Saheeh Al-Bukhari.* Nangangahulugan ito na kahit na ang ilang mga tao ay ipinanganak na matiisin ang iba sa atin ay maaaring matutunan ang maging matiisin.

Nakakatuwa na sa Kanluraning psychiatry at sikolohiya ay dati na nilang sinasabi sa atin na ilabas ito sa ating dibdib, huwag natin itong pipigilan sapagkat kung pipigilan ay sasabog tayo, kaya't mas mainam na palabasin ito.

Kalaunan ay natuklasan nila na kapag ang tao ay galit na galit ang mga maliliit na daluyan ng dugo ay sasabog sa utak dahil sa labis na galit. Natuklasan nila na lubhang mapanganib at sobrang nakakapinsala kapag pinalabas lahat. Kaya't sinasabi nila ngayon na mas mainam na huwag palabasin ang lahat.

Sinabi sa atin ng Propeta na subukang maging matiisin, kaya sa panlabas ay dapat nating ipakita ang mukha ng pagiging matiisin kahit na sa loob ay kumukulo na tayo. At hindi natin sinusubukang maging matiisin sa panlabas upang linlangin ang mga tao; sa halip, ginagawa natin ito upang magkaroon ng pagtitiis. Kung tayo ay tuloy tuloy dito, ang panlabas na kaanyuan ng pagtitiis ay magiging panloob din at dahil dito makakamit natin ang kumpletong pagtitiis  at maari itong makamit tulad ng nabanggit sa Hadeeth na binanggit sa itaas.

Kabilang sa mga pamamaraan ay ang tingnan kung paano ang mga materyal na elemento ng ating buhay ay gampanan ang malaking bahagi ang patungkol sa pagtitiis at pagkamit natin nito.

Ang Propeta ay nagbigay sa atin ng payo kung paano haharapin ang mga elementong ito sa pamamagitan ng pagsasabi:

***"Huwag tumingin sa mga nasa itaas mo na higit na masuwerte, sa halip, tumingin sa mga nasa ibaba mo o hindi gaanong masuwerte…"***

Ito ay dahil kahit ano pa ang ating sitwasyon, palaging mayroong mga mas masaklap pa kaysa sa atin. Ito ang dapat nating maging pangkalahatang estratehiya hinggil sa materyal na buhay. Sa panahon ngayon ang materyal na buhay ay isang malaking bahagi ng ating buhay, parang nahuhumaling tayo dito; ang pagkakaroon ng lahat ng makakaya natin sa mundong ito ay tila nagiging pangunahing punto na ang karamihan sa atin ay nakatuon dito ang lakas. Kaya kung gagawin ito ng isang tao ay dapat hindi nila hayaang maapektuhan ang kanilang panloob na kapayapaan.

Habang nakikipag-ugnayan tayo sa materyal na mundo hindi natin dapat pagtuunan ng pansin ang mga mas mainam kaysa sa atin dahil kung magkaganon ay hindi tayo makukuntento kahit kailan sa kung anong mayroon tayo. Sinabi ng Propeta:

***"Kung bibigyan mo ang anak ni Adan ng isang lambak ng ginto ay nanaisin niya ang isa pa." (Saheeh Muslim)***

Ang kasabihan na ang damo ay palaging mas berde sa kabilang panig; at kung mas marami ang pag-aari ng isang tao ay mas ninanais niya ang mas marami pa. Hindi natin makakamit ang kasiyahan sa materyal na mundo kung hinahabol natin ito sa ganitong paraan; sa halip, dapat nating tingnan ang mga hindi gaanong masuwerte, sa paraang ito ay maaalala natin ang mga regalo, benepisyo at awa na ipinagkaloob sa atin ng Diyos hinggil sa ating sariling kayamanan, kahit gaano man ito kaliit.

May isa pang kasabihan si Propeta Muhammad na tumutulong sa atin sa dako ng materyal na mundo upang mailagay ang ating mga gawain sa kanilang tamang pananaw, at isang halimbawa ng Propeta sa alituntuning ito ay ang prinsipyo ni Steven Covey[1] na "first things first"(mga na unang bagay ang mauna). Inilahad ng Propeta ang alituntuning ito mahigit sa 1400 taon na ang nakalilipas at inilatag ang prinsipyong ito para sa mga mananampalataya sa pamamagitan ng pagsasabi:

***"Sinumang gawin ang mundong ito bilang kanyang hangarin ang Diyos ay guguluhin ang kanyang mga gawain at maglalagay ng kahirapan sa harapan niya at wala siyang makakamit na anuman sa mundong ito maliban sa kung ano ang isinulat ng Diyos para sa kanya…" (Ibn Maajah, Ibn Hibbaan)***

Kaya ang mga gawain ng isang tao ay hindi maisasakatuparan para sa kanya, siya ay magpapakalat-kalat sa buong lugar, tulad ng isang manok na pinutol ang ulo nito, tumatakbong ligaw; kung ginagawa niyang layunin ang mundong ito. Ilalagay ng Diyos ang kahirapan sa harapan niya at kahit gaano karaming pera ang mayroon siya ay mararamdaman niyang mahirap pa rin siya. Sa tuwing may mabuti sa kanya o ngumiti sa kanya nararamdaman niya na ginagawa lamang nila ito dahil gusto nila ang kanyang

pera, hindi siya makapag-tiwala kaninuman at hindi masaya.

Kapag bumagsak ang stock market mababasa mo ang ilan sa mga namuhunan dito ay nagpapakamatay. Ang isang tao ay maaaring mayroong 8 milyon at nawalan ng 5 milyon na may 3 milyon na naiwan matapos ang pag-bagsak ng merkado, ngunit ang pagkawala ng 5 milyon ay tila wakas. Wala siyang nakikitang punto na mabuhay pa pagkatapos nito, dahil inilagay ng Diyos ang kahirapan sa pagitan ng kanyang mga mata.

---

Talababa:

[1] Si Stephen Covey ay isang internasyonal at respetadong awtoridad na nagtatag ng Covey Leadership Center. Natanggap niya ang kanyang M.B

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/636/ang-paghahanap-para-sa-panloob-na-kapayapaan-bahagi-3-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.